

Ano ang Kaharian ng Dios

Si Juan Bautista ay isang propeta bilang nasa ‘kapangyarihan at espiritu ni Elijah’. At siya ang mangunguna at maghahanda ng daan ng ating Panginoong Jesus.

Ayon sa **Mateo 3:1–3**, ‘*Sa mga araw na yaon ay dumating si Juan Bautista, na nangangaral sa ilang ng Judea, na nagsasabi, Magsisi kayo, sapagkat malapit na ang kaharian ng langit! Ito ang salita sa pamamagitan ng propeta Isaias, na nagsasabi, Ang tinig ng isang sumisigaw sa ilang, Ihanda ninyo ang daan ng Panginoon, tuwirin ang kanyang mga landas.*’

Matapos maipakulong si Juan, nagsimula ng mangaral si Jesus “... *at sinasabi, Magsisi kayo; sapagkat malapit na ang kaharian ng langit.*” (**Mateo 4:17**)

Sa pagkatawag sa mga alagad ni Jesus at ang simula ng kanyang ministryo, isinulat ni Mateo “*At nilibot ni Jesus ang buong Galilea, nagtuturo sa mga sinagoga nila, at ipinangangaral ang **ebanghelyo ng Kaharian**, nagpapagaling ng lahat ng sari-saring sakit at karamdaman na nasa mga tao.*” (**Mateo 4:23**)

Sa apat na ebanghelyo, tanging ang kay Mateo lamang nabanggit ang ‘**Kaharian ng langit**’ at ang iba ay ginamitan ng ‘**Kaharian ng Dios**’.

Sa **Lucas 9:1-2**, ‘*At tinipon niya ang labindalawa, at binigyan sila ng kapangyarihan at kapamahalaan sa lahat ng mga demonyo, at upang magpagaling ng mga sakit. At sila’y sinugo Niya upang ipangaral ang **Kaharian ng Dios** at magpagaling ng may sakit.*’

Iba pa ba ang sinasabing ‘kaharian ng Langit’ sa ‘kaharian ng Dios’?

Hindi! Ang ‘Kaharian ng Dios’ at ‘Kaharian ng langit’ ay iisa ang kahulugan at maaari silang pagpalitin ng gamit! Ang ginamit ng pananalita ni Mateo ‘ang kaharian ng langit’ ay hindi tumutukoy sa lokasyon kung saan itatatag ang kaharian kundi kung saan naroroon ang nag may-ari ng kaharian na walang iba kundi ang Dios na nasa langit. Ito’y isang kaharian na espiritwal di pisikal- kahariang mula sa Dios hindi sa tao, mula sa Kaniyang trono ng kapangyarihan sa langit, at maghahari sa lahat ng bansa sa pagbaba ni Jesucristo (Pahayag 11:15)

Sinabi ni Jesucristo na Siya’y magbabalik muli—at inilarawan ang magiging kundisyon ng mundong ito sa panahon ng kanyang paghahari! Si Jesus ay di sinugo upang mangaral ng ebanghelyo na mahiwaga at di nakikita. O di kaya isang simbolikong ‘kaharian’ upang maitawid ang mensahe ng pananagumpay pinansyal, kapayapaan ng isip, o material na pakinabang. Ang Kanyang mensahe ay kapwa saksi at babala. May mga bahagi nito na magdudulot pagkakabaha-bahagi, susugat sa puso, magdadala ng matinding pagkagalit sa puso ng mga nagpapatuloy sa kasalanan, at magtutulak sa ilan na magsisi at tumanggap sa Kanya ng tulad ng mga paslit na bata.

Ang Kaharian ba ay “Narito na ... ngayon...sa puso’t damdamin ng may magandang saloobin”?

Makinig: “At palibhasa’y tinanong siya ng mga Pariseo, kung kailan darating ang kaharian ng Dios, ay sinagot niya sila at sinabi, Ang kaharian ng Dios ay hindi paririto na mapagkikita: Ni sasabihin man nila, Naririto! o Naririyon! sapagka’t narito, **ang kaharian ng Dios ay nasa loob ninyo** (Lucas 17:20-21).

Hindi maipagkaila na ang talatang ito ay maaaring nagbigay ng kahulogang ang kaharian ng Dios ay nasa loobin ng mga taong nagmistulang relihiyoso at may magandang kalooban.

Isa na rito ang Catholic Encyclopedia na nagsasabing, “*Ang kaharian ng Dios ay nangangahulugan ng paghahari ng Dios sa ating mga puso; ito ang naghihiwalay sa atin sa kaharian dito sa mundo at sa kasamaan; ito rin ay nangangahulugan ng pagpapadama ng awa, ang simbahan bilang institusyon mula sa Dios kung saan maaari nating makamtan ang espiritu ni Cristo at mapasatin ang kaharian ng Dios kung saan Siya naghahari ng walang hanggan sa ‘banal na siudad, ang Bagong Herusalem na bumababa mula sa langit*” (Vol. VIII, PAHINA 647) Naaayon ba sa Biblia ang turong ito?

Ano ba ang sinasabi ni Jesus sa mga talatang nakasaad sa Lucas 17:20-21? Nasa saloobin ba talaga ng mga kausap ni Jesus ang ‘kaharian ng Dios’?

Pansinin ang tinukoy na kasulatan na ginamit sa Catholic Encyclopedia mula sa aklat ni Lucas 17:20-21.

At palibhasa'y tinanong siya ng mga Pariseo, kung kailan darating ang kaharian ng Dios, ay sinagot niya sila at sinabi, Ang kaharian ng Dios ay hindi paririto na mapagkikita: Ni sasabihin man nila, Naririto! o Naririyon! Sapagka't narito, ang kaharian ng Dios ay nasa sa inyo.

Sino ba ang mga pariseong ito at ano ang kaugnayan nila kay Cristo? Sila ba ay talagang naghahanap ng katotohanan o inilalagay lamang nila si Jesus sa isang patibong upang Siya'y mahusgahan sa mga maling masasabi nito.

Pansinin ang mga sinabi ni Jesus sa mga Pariseo sa **Mateo 23:13-33**, *Datapuwa't sa aba ninyo, mga eskriba at mga Fariseo, mga mapagpaimbabaw! Sinasarhan ninyo ang kaharian ng langit laban sa mga tao: sapagka't kayo'y hindi nagsisipasok, at ang nagsisipasok man ay ayaw ninyong bayaang makapasok.*

Sa aba ninyo, mga eskriba't mga Pariseo, mga mapagpaimbabaw! Sapagka't sinasakmal ninyo ang mga bahay ng mga babaing bao, at inyong dinadahilan ang mahahabang panalangin: kaya't magsisitanggap kayo ng lalong mabigat na parusa.

Sa aba ninyo, mga eskriba at mga Pariseo, mga mapagpaimbabaw! Sapagka't inyong nililibot ang dagat at ang lupa sa paghanap ng isa ninyong makakampi; at kung siya'y magkagayon na, ay inyong ginagawa siyang makaibayo pang anak ng impierno kay sa inyong sarili.

Sa aba ninyo, kayong mga tagaakay na bulag, na inyong sinasabi, 'Kung ipanumpa ninoman ang templo, ay walang anoman; datapuwa't kung ipanumpa ninoman ang ginto ng templo, ay nagkakautang nga siya.'

Kayong mga mangmang at mga bulag: sapagka't alin бага ang lalong dakila, ang ginto, o ang templong bumabanal sa ginto? At, kung ipanumpa ninoman ang dambana, ay walang anoman; datapuwa't kung ipanumpa ninoman ang handog na nasa ibabaw nito, ay nagkakautang nga siya.

Kayong mga bulag: sapagka't alin бага ang lalong dakila, ang handog, o ang dambana na bumabanal sa handog? Kaya't ang nanunumpa sa pamamagitan ng dambana, ay ipinanunumpa ito, at ang lahat ng mga bagay na na nasa ibabaw nito. At ang nanunumpa sa pamamagitan ng templo, ay ipinanumpa ito, at yaong tumatahan sa loob nito. Ang nanunumpa sa pamamagitan ng langit, ay ipinanumpa ang luklukan ng Dios, at yaong nakaluklok doon.

Sa aba ninyo, mga eskriba at mga Pariseo, mga mapagpaimbabaw! Sapagka't nangagbibigay kayo ng sa ikapu ng yerbabuena, at ng anis at ng komino, at inyong pinababayaang di ginagawa ang lalong mahahalagang bagay ng kautusan, na dili iba't ang katarungan, at ang pagkahabag, at ang pananampalataya: datapuwa't dapat sana ninyong gawin ang mga ito, at huwag pabayaang di gawin yaong iba.

Kayong mga tagaakay na bulag na inyong sinasala ang lamok, at nilulunok ninyo ang kamelyo!

Sa aba ninyo, mga eskriba at mga Pariseo, mga mapagpapaimbabaw! Sapagka't inyong nililinis ang labas ng sarong at ng pinggan, datapuwa't sa loob ay puno sila ng panglulupig at katakawan.

Ikaw bulag na Pariseo, linisin mo muna ang loob ng sarong at ng pinggan, upang luminis naman ang kaniyang labas.

Sa aba ninyo, mga eskriba at mga Pariseo, mga mapagpaimbabaw! Sapagka't tulad kayo sa mga libingang pinaputi, na may anyong maganda sa labas, subalit sa loob ay puno ng mga buto ng mga patay na tao, at ng lahat na karumaldumal. Gayon din naman kayo, sa labas ay nangagaanyong matuwid sa mga tao, datapuwa't sa loob ay puno kayo ng pagpapaimbabaw at ng katampalasanan.

Sa aba ninyo, mga eskriba at mga Pariseo, mga mapagpaimbabaw! Sapagka't itinatayo ninyo ang mga libingan ng mga propeta, at inyong ginayakan ang mga libingan ng mga matuwid, At sinasabi ninyo, Kung kami sana ang nangabubuhay nang mga kaarawan ng aming mga magulang disi'y hindi kami nangakaramay nila sa dugo ng mga propeta. Kaya't kayo'y nangagpapatotoo sa inyong sarili, na kayo'y mga anak niyaong mga nagsipatay ng mga propeta. Punuin nga ninyo ang takalan ng inyong mga magulang.

Kayong mga ahas, kayong mga lahi ng mga ulupong, paanong makawawala kayo sa kahatulan sa impierno?

Kung patuloy nating babasahin ang kabuuan ng Mateo 23, ito ay tumutukoy sa mga mapagpaimbabaw at mapagkunwaring mga Pariseo at eskriba. Ito ang mga tao na puno ng galit sa Kanya at ibig siyang ipapatay!

Basahin, Juan 11:45-49, *Marami nga sa mga Judio ang nagpunta kay Maria at na kita ng ginawa niya, ay magsisampalataya sa kaniya. Ang ilan sa kanila ay nagpunta sa mga Fariseo, at sinabi sa kanila ang mga bagay na ginawa ni Jesus. Ang mga punong saserdote at mga Pariseo ay nagpulong, at nagsabi, Ano ang ginagawa natin? Ang*

taong ito'y gumagawa ng maraming tanda. Kung siya'y ating pababayaan, ang lahat ng mga tao ay mananampalataya sa kaniya: paparito ang mga Romano at aalisin tayo sa pwesto at sasakupin ang ating bansa.

Nguni't ang isa sa kanila na si Caifas, na dakilang saserdote nang taong yaon, ay nagsabi sa kanila, Kayo'y walang nalalamang anoman. Di nyo nalalaman na sa inyo'y nararapat na ang isang tao ay mamatay dahil sa bayan, at hindi ang buong bansa ay mapahamak.

Ito ring mga pariseong ito ang nagtanong kay Jesus kung kailan darating ang kaharian ng Dios.

Ngayon! sinasabi ba ni Jesus na nasa PUSO ng mga pariseo ang kaharian ng Dios, itong mga tinawag niyang bulag na tagaakay, mapagpaimbabaw, ulupong, madaraya at nagnanais na siya ay ipapatay?

HINDI!

Himayin natin ang buong pag-uusap ni Jesus at mga Pariseo upang maunawaan ang kabuuang konteksto ng nabanggit na mga versiculo.

“At palibhasa'y tinanong siya ng mga Pariseo, kung kailan darating ang kaharian ng Dios, ay sinagot niya sila at sinabi, Ang kaharian ng Dios ay hindi paririto na mapagkikita: Ni sasabihin man nila, Naririto! o Naririyen! **sapagka't narito, ang kaharian ng Dios ay nasa sa inyo.** At sinabi niya sa mga alagad, Darating ang mga araw, na hahangarin ninyong makita ang isa sa mga araw ng **Anak ng tao**, at hindi ninyo makikita. At sasabihin nila sa inyo, Naririyen! Naririto! huwag kayong magsisiparoon, ni magsisisunod man sa kanila:

Gaya ng kidlat, na pagkislap buhat sa isang panig ng silong ng langit, ay nagliliwanag hanggang sa kabilang panig ng silong ng langit; gayon din naman ang Anak ng tao sa kaniyang kaarawan.” (Lucas 17:20–24)

Dito ay malinaw na tinutukoy nya ang kanyang sarili bilang kumakatawan sa Kaharian ng Dios. “Sapagka't narito, ang kaharian ng Dios ay nasa sa inyo.” Nasa kalagitnaan nila ang unang kumakatawan ng Kaharian iyon na nagpapakita ng lakas at kaluwalhatian, pag-ibig at habag, awa at kabutihan maging ang paghahari at kapangyarihan dilit iba kundi si Jesus.

Kung babasahin nating mabuti mapupuna natin na ang tinutukoy ni Jesus ay ang kanyang sarili sa sumunod na pangungusap;

At sinabi niya sa mga alagad, Darating ang mga araw, na **Anak ng hahangarin ninyong makita ang isa sa mga araw ng tao, at hindi ninyo makikita.** At sasabihin nila sa inyo, Naririyen! Naririto! huwag kayong magsisiparoon, ni magsisisunod man sa kanila. (v23)

Wala ng lalinaw pa rito! At kung pagtiyagaan mong basahin ang buong kapitulo 23 sa ebanghelyo ni Mateo, makita mo kung anong klaseng “panlalait” ang sinasabi ni Jesus sa grupong ito. Pansinin niyo: Tanong: Sa palagay niyo ba ang ‘kaharian ng Dios’ ay nasa loob ng damdamin at puso ng mga taong tinatawag Niyang hipokrito?

Isa pa, ang mga taong ito a pisikal pa lamang—dugo at laman.

Ayon ka apostol Pablo: Sinasabi ko nga ito, mga kapatid, na ang laman at ang dugo ay hindi makapagmamana o makapapasok ng kaharian ng Dios; ni ang kasiraan ay magmamana ng walang kasiraan. (1 Corinto 15:50) Walang sinuman ang nasa pisikal na kalagayan ang makapasok ng kaharian ng Dios. Ganon kasimple!

Ang lahat ng ito'y isang malaking kamalian!

Ang tunay na kaharian ng Dios—ay ang tanging kaharian na ipinangaral ni Jesus! Hindi ito kaharian na inilagay lamang sa puso ng mga tao o sa pamamagitan ng pagsasama at pagtutulungan ng mga taong may mabuting hangarin para ang kaharian ng Dios ay maitatag.

Ang kaharian ba ay ang Iglesia ng Dios?

May ilan na pinalalabas na ang kaharian ng Dios ay ang Iglesia mismo o ang simbahan sa ibang katawagan. Ang pinakasimpleng paraan para pabulaanan ang ganitong teoriya ay basahin ang sinasabi ng kasulatan hinggil sa iglesia.

Mateo 16:18, At sinasabi ko naman sa iyo, na ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang aking iglesia; at ang mga pintuan ng Hades ay hindi magsisipanaig laban sa kaniya.

Ang ‘greek’ na salita sa iglesia ay *Ekklesia*, na ang tamang pakahulugan ay lupon o grupo ng mananampalataya. Ngayon, ang iglesia ay may iba ng pakahulugan. Madalas itong itawag sa gusaling sambahan o simbahan, mga istrakturang gawa sa bakal, bato, kahoy at salamin.

Ang ibig sabihin ni Cristo na itatatag niya ay ang grupo o katipunan ng mga tao na pinili na maging alagad, apostol, puspos ng banal na espiritu; at ang pagtitipon ito ng mga taong sumasampalataya ay tatawaging ***Iglesia ng Dios!***

Sa liham sa mga taga Efeso’y sinabi; *At ang lahat ng mga bagay ay pinasuko niya sa ilalim ng kaniyang mga paa, at siyang pinagkaloobang maging pangulo ng lahat ng mga bagay sa iglesia, Na siyang katawan niya, na kapuspusan niyaong pumupuspos ng lahat sa lahat. (Efeso 1:22, 23)*

Sa pagpapatuloy ni Pablo ay sinabi niya; *Na mga itinatayo sa ibabaw ng kinasasaligan ng mga apostol at ng mga propeta, na si Cristo Jesus din ang pangulong bato sa panulok; Na sa kaniya’y ang buong gusali, na nakalapat na mabuti, ay lumalago upang maging isang templong banal sa Panginoon; (Efeso 2:20, 21)*

Ang Iglesia ng Dios ay grupo ng mga mananampalataya, mga pinili, tapat na tutupadin ang gawain ng Dios dito sa lupa na ipangaral ang kaharian ng Dios, ang tunay na ebanghelyong ipinangaral mismo ni Jesucristo.

Mateo 28:19, *Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila’y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo: Na ituro ninyo sa kanila na kanilang ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos ko sa inyo: at narito, ako’y sumasa inyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanglibutan.*

Ang Iglesia ng Dios ay hindi ang kaharian ng Dios—ito ay organisasyong espiritwal na binubuo ng mga tao upang ihayag ang mabuting balita ng kaharian ng Dios. Samakatuwid sila ang maghahayag ng balita hinggil sa kaharian at hindi sila ang kaharian mismo tulad ng paniniwala ng iba.

Mateo 24:14, *At ipangangaral ang ebanghelyo ng kaharian sa buong sanglibutan sa pagpapatotoo sa lahat ng mga bansa; at kung magkagayo’y darating ang wakas.*

Di tulad ng kaharian ng Dios, ang iglesia ay hindi maghahari sa mga tao gamit ang tungkod na bakal o dudurog sa mga pamahalaan ng mga bansa lumalaban sa Dios at ng kanyang pamamahala !

At ang magtagumpay, at tumupad ng aking mga gawa hanggang sa katapusan, ay bibigyan ko ng kapamahalaan sa mga bansa: At sila’y paghaharian niya sa pamamagitan ng isang panghampas na bakal, gaya ng pagkadurog ng mga sisidlang lupa ng magpapalayok; gaya naman ng tinanggap ko sa aking Ama: (Pahayag 2:26-27)

Salungat sa paniniwala ng marami na ang iglesia ay isang malawak, mayaman, at makapangyarihan, si Jesus ay tumutukoy sa kanyang iglesia bilang ‘maliit na kawan’ na inuusig, tinatanggihan, kinamumuhian mga tao, minamaliit, hindi tanggap ng mga pinuno ng mundong ito.

Ang tunay na mga lingkod ng Dios ayon sa hula ni Jesus ay kakaladkarin sa harapan ng mga hari, emperador, presidente, punong ministro at iba pang may kapamahalaan—‘hindi pararangalan o dadaan sa pulang karpeta’

Narito, sinusugo ko kayong gaya ng mga tupa sa gitna ng mga lobo: magpakatalino nga kayong gaya ng mga ahas at mahinahon gaya ng mga kalapati. Datapuwa’t magpakaingat kayo sa mga tao: sapagka’t kayo’y ibibigay nila sa mga Sanhedrin at kayo’y hahampasin sa kanilang mga sinagoga; Oo at kayo’y dadalhin sa harap ng mga gobernador at mga hari dahil sa akin, sa pagpapatotoo sa kanila at sa mga Gentil. Datapuwa’t pagka kayo’y ibinigay nila, huwag ninyong ikabalisa kung paano o kung ano ang inyong sasabihin: sapagka’t sa oras na yaon ay ipagkaloob sa inyo ang inyong sasabihin. Sapagka’t hindi kayo ang magsasalita, kundi ang Espiritu ng inyong Ama ang sa inyo’y magsasalita. At ibibigay ng kapatid ang kapatid sa kamatayan, at ng ama ang kaniyang anak: at maghihimagsik ang mga anak laban sa kanilang mga magulang, at sila’y ipapapatay. At kayo’y kapopootan ng lahat ng mga tao dahil sa aking pangalan: datapuwa’t ang magtitiis hanggang sa wakas, ay siyang maliligtas. (Mateo 10:16-22)

Isang malaking kalapastanganan sa kasulatan na imungkahi na ang iglesia ay ang kaharian ng Dios sa mundo. Hindi ito totoo! Ang iglesia ay instrumento ng Dios upang ibalita ang paparating na kaharian—ito ay inilalarawan Niya bilang mahina, maliit, kalat at maliliit na grupo, di mayaman sa mga bagay ng mundo subalit mayaman sa pananampalataya, na gumagawa ng gawain ng Dios.

Ang Pangitain ni Propeta Daniel

Ilang siglo bago pa isilang si Cristo, si Haring Nebuchadnezzar ng Babylon ay nagkaroon ng pangitain na tanging si Daniel lamang ang makakapagpaliwanag. Mababasa natin ito sa aklat ni Daniel:

Kayo po ang pinakadakila sa lahat ng mga hari. At kayo po ang pinagkalooban ng Dios sa langit ng kaharian, kapangyarihan, lakas at karangalan. Niloob ng Dios na masakop ninyo ang lahat ng tao, hayop, at ibon sa lahat ng dako. Kayo ang ulong ginto iyon. Ang susunod sa inyo ay ang ikalawang kahariang mas mahina sa inyo. Pagkatapos, lilitaw ang ikatlong kaharian na sinasagisag ng tanso, at sasakupin nito ang buong daigdig. Ang pang-apat na kaharian ay sintigas ng bakal. Tulad ng nagagawa ng bakal, dudurugin ng kahariang ito ang buong iba pang mga kaharian.

'Nakita ninyo ang paa na may bahagi gawa sa bakal at putik. Ang kahulugan niyon ay ang ikaapat na kaharian ay mahahati. May bahagi itong matibay tulad ng bakal at may bahagi itong marupok tulad ng putik.'

'Nakita ninyo ang bakal na may halong putik subalit ang bakal at ang putik ay di kumpletong mapaghahalo. Gayundin naman ang tao ng ikaapat na kaharian ay magkakahalo. Hindi sila magkakaisa. Sa panahon ng paghahari ng ikaapat na kaharian, ang Dios ng langit ay magtatatag ng isang kaharian na mananatili magpakailan man. Hindi ito masisira ni masasakop ninuman. Dudurugin nito at ganap na wawasakin ang lahat ng mga kaharian at mananatili ito magpakailanman.' Yamang iyong nakita na ang isang bato ay natibag sa bundok, hindi ng mga kamay, at pumutol ng mga bakal, ng tanso, ng putik, ng pilak, at ng ginto; ipinaalam ng dakilang Dios sa hari kung ano ang mangyayari sa hinaharap: at ang panaginip ay tunay at ang interpretasyon nito'y tapat. (Daniel 2:37-45)

Pangkaraniwang naiintindihan ng mga eskolar at mananalaysay ng biblia ang pangitaing ito na nakita ni Nebuchadnezzar bilang isa lamang maliwanag na paglalarawan ng apat na dakilang kaharian ng mga Hentil na sumakop ng buong daigdig na magdadaigan sa isa't isa at matatapos sa Imperio Romano, na magkakaroon ng ilang pagbabangon sa kasaysayan hanggang dumating ang kawakasan.

Malinaw ng sabihin ni Daniel “*Sa panahon ng mga haring ito ay magtatatag ang Dios ng langit ng kaharian... at dudurugin nito ng pira-piraso at lilipulin ang lahat ng mga kaharian, at kaharian ng Dios ay mananatili magpakailanman.*” Malinaw sa propesiya ito na ang Dios ay magtatatag ng kaharian ng Dios dito sa lupa!

Daniel 2:45, Yamang iyong nakita na ang isang bato ay natibag sa bundok, hindi ng mga kamay, at pumutol ng mga bakal, ng tanso, ng putik, ng pilak, at ng ginto; ipinaalam ng dakilang Dios sa hari kung ano ang mangyayari sa haharapin: at ang panaginip ay tunay at ang interpretasyon niyao'y tapat.

Si Jesucristo ang sumasagisag sa BATO.

Pansinin ang talatang ito: *Sapagka't hindi ko ibig mga kapatid, na di ninyo malaman, na ang ating mga magulang ay napasa ilalim ng alapaap, at ang lahat ay nagsitawid sa dagat; At lahat ay nabautismuhan kay Moises sa alapaap at sa dagat; At lahat ay kumain ng isang pagkain ding ayon sa espiritu; At lahat ay uminom ng isang inumin ding ayon sa espiritu; sapagka't uminom sa espiritwal na bato na sumunod sa kanila: at **ang batong yaon ay si Cristo.** (1 Corinto 10:1)*

Si Jesus ay tinukoy ang sarili bilang ang BATO kung saan ang kanyang tunay na Iglesia ay itatayo (Mateo 16:18). Siya rin ang tinutukoy sa isang talata.

Siya ang Bato, ang kaniyang gawa ay sakdal; sapagka't lahat niyang daan ay kahatulan: Isang Dios na tapat at walang kasamaan, Matuwid at banal siya. (Deuteronomio 32:4)

Nang ibinalita ng isang anghel na si Gabriel ang kapanganakan ni Jesus kay Maria:

Lucas 1:30-33, *At sinabi sa kaniya ng anghel, Huwag kang matakot, Maria: sapagka't nakasumpong ka ng biyaya sa Dios. At narito, maglililihi ka sa iyong tiyan, at manganganak ka ng isang lalake, at tatawagin mo ang kaniyang pangalang JESUS. Siya'y magiging dakila, at tatawaging Anak ng Kataastaasan: at sa kaniya'y ibibigay ng Panginoong Dios ang luklukan ni David na kaniyang ama: At siya'y maghahari sa angkan ni Jacob magpakailan man; at hindi magwawakas ang kaniyang kaharian.*

Mababasa sa biblia ang ilang lamang na talata na paglalarawan kay Jesucristo bilang dakilang BATO. Basahin ang mga sumusunod, 2 Samuel 22:2, Awit 27:5; 31:3 at Isaiah 8:14.

Ngayon balikan natin ang propesiya sa Daniel. Mapapansin ang panahon tungkol sa apat na Pandaigdigang pamamahala ng kaharian sa Daniel 7.

Daniel 7:2-7, *Si Daniel ay nagsalita, at nagsabi, May nakita ako sa aking pangitain sa kinagabihan, at, narito, ang apat na hangin ng langit ay nagsisiihip sa malaking dagat. At apat na malaking hayop na magkakaiba ay nagsiahon mula sa dagat,*

Ang una'y gaya ng leon, at may mga pakpak ng aguila: aking minasdan hanggang sa ang mga pakpak niyao'y nahugot, at ito'y nataas mula sa lupa, at pinatayo sa dalawang paa na gaya ng isang tao; at puso ng tao ang nabigay sa kaniya.

At, narito, ang ibang hayop, na ikalawa, na gaya ng isang oso; at lumitaw sa isang tagiliran, at tatlong tadyang ang nasa kaniyang bibig sa pagitan ng kaniyang mga ngipin: at sinabi ng mga ito ang ganito sa kaniya, Bumangon ka, manakmal ka ng maraming laman.

Pagkatapos nito'y tumingin ako, at narito ang iba, gaya ng isang leopardo, na mayroon sa likod niyaon na apat na pakpak ng ibon; ang hayop ay mayroon din namang apat na ulo; at binigyan siya ng kapangyarihan.

Pagkatapos nito'y may nakita ako sa pangitain sa gabi, at, narito, ang ikaapat na hayop, kakilakilabot at makapangyarihan, at totoong malakas; at may malaking mga ngiping bakal; nananakmal at lumuluray, at niyuyurakan ng kaniyang mga paa ang nalabi: at kaiba sa lahat na hayop na una sa kaniya; at siya'y may sampung sungay.

Sa nasabing talata makikita ang apat na malalakas na hayop. Ang leon ay sumasagisag sa Babylon, ang oso bilang Medo-Persia, ang leopardo bilang Greco/Macedonia sa ilalim ni 'Alexander the Great' at ang apat na ulo ng leopardo bilang sina Ptolemy Soter ng Egypt, Antipater ng Macedonia, Laomedon of Syria, at Seleucus Nicator ng Babylon; ang apat na Heneral na naghati-hati sa imperio ni Alexander the Great bago siya ilibing.

Pansinin kung ilang beses sa aklat ni Daniel 7 tumutukoy sa pinakahuling kaharian, ang pagbangon ng paghahari ng Roma ay magtatapos sa ikalawang pagbabalik ni Cristo at ang Pagkatatag ng Kaharian ng Dios sa lupa!

1 Tesalonica 4:16-17, *Sapagka't ang Panginoon ay bababa mula sa langit, na may isang sigaw, may tinig ng arkanghel, at may pakakak ng Dios: at ang nangamatay kay Cristo ay unang mabubuhay na maguli; Kung magkagayon, tayong nabubuhay, na natitira, ay aagawing kasama nila sa mga alapaap, upang salubungin ang Panginoon sa hangin: at sa ganito'y sasa Panginoon tayo magpakailan man.*

Mateo 24:30-31, *lilitaw ang tanda ng Anak ng tao sa langit: at magsisitaghoy ang lahat ng mga angkan sa lupa, at makikita nila ang Anak ng tao na paparito sa mga alapaap ng langit na may kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian. At susuguin ang mga anghel na may pakakak, at titipunin ang mga hinirang mula sa apat na hangin ng sanglibutan, mula sa isang dulo ng langit hanggang sa kabila.*

Pahayag 1:7, *Narito, siya'y pumaparitong mula sa mga alapaap; at makikita siya ng lahat, maging ang sumibat sa kaniya; at ang lahat ng mga angkan sa lupa ay tatangis dahil sa kaniya. Gayon ang mangyayari Amen.*

Ang muling pagbabalik ni Jesus ay hudyat ng pagtatatag ng kaharian ng Dios dito sa lupa at lahat ng sa kanya sumampalataya hanggang sa huli ay magiging bahagi ng kaharian ito.

Maari kang Magmana ng Kaharian

Ang Kaharian ng Dios ay isang bagay na maaari nating mamana o mapasaatin. Si Jesucristo ng Nazareth ay namana na ang kaharian ng Ama, at tayo rin ay maaaring maging tagapagmana ng napakalaki at di masukat na yaman, ang kaharian ng Dios.

Sinabi ng Apostol Pablo; "Sapagka't hindi natin muling tinanggap ang espiritu ng pagkaalipin sa ikatatakot; datapuwa't tinanggap natin ang espiritu ng pagkukupkop, na dahil dito'y sumisigaw tayo, Abba, Ama" (Roma 8:15)

Nang marinig natin ang buhay na mensahe ng kaharian ng Dios, ang ebanghelyo, nagsisi sa ating mga kasalanan (Mateo 4:17) at nahatulan, tayo inatasang magpabautismo sa tubig, at matapos nito ay tumanggap ng Banal na Espiritu sa pagpatong ng Kamay. *"Magsisi kayo, at magpabautismo ang bawa't isa sa inyo sa pangalan ni Jesucristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan; at tatanggapin ninyo ang kaloob na Espiritu Santo."* (Mga Gawa 2:38)

Ang bagong Tipan ay may kasamang legal na dokumento, ang kasulatan ng bagong kasunduan. Ang lumang tipan ay kasunduan ng Dios at ng bansang Israel base sa materyal na gantimpala sa pagsunod sa mga letra ng batas.

Ang bagong tipan ay isang kasulatan ng Dios at ng tao, kaakibat nito ang ilang kondisyon at reglamento kung saan maaari tayong maging tagapagmana ng Dios—kandidato para maging bahagi ng paparating na kaharian.

Nilinaw na ang kaligtasan ay di natin makakamtan sa ating mga gawa, ito ay bigay o kaloob ng Dios sa atin.

Sapagka't sa biyaya kayo'y nangaligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ito'y hindi sa inyong sarili, ito'y kaloob ng Dios; Hindi sa pamamagitan ng mga gawa, upang ang sinoman ay huwag magmapuri. Sapagka't tayo'y kaniyang gawa, na nilalang kay Cristo Jesus para sa mabubuting gawa, na mga inihanda ng Dios nang una upang siya nating lakaran. (Efeso 2:8-10)

Subalit, upang hindi natin gawin dahilan ang biyaya ng Dios para patuloy na magkasala, mahigpit na ipinapayo ni Pablo ang ganito;

“Ano nga ang ating sasabihin? Magpapatuloy ba tayo sa pagkakasala upang ang biyaya ay managana? Huwag nawa mangyari. Tayong mga patay na sa pagkakasala, paano nga tayong mabubuhay pa riyan? O hindi ba ninyo nalalaman na tayong lahat na mga nabautismuhan kay Cristo Jesus ay nabautismuhan sa kaniyang kamatayan? Tayo nga'y nalibing na kasama niya sa pamamagitan ng bautismo sa kamatayan: na kung paanong si Cristo ay nabuhay na maguli sa mga patay sa pamamagitan ng kaluwalhatian ng Ama, ay gayon din naman tayo'y makalalakad sa panibagong buhay. Sapagka't kung nakasama tayo ni Cristo sa isang kamatayan tulad ng kanyang kamatayan, tiyak na tayo ay makakasama rin niya sa muling pagkabuhay na katulad ng kanyang muling pagkabuhay. (Roma 6:1-5)

At ano ba ang kasalanan? Ang kasalanan ay pagsuway sa kautusan ng Dios na ipinakikita sa Sampung Utos, at pinalawig ni Jesucristo sa kanyang pagtuturo at pamumuhay.

Tandaan ang sinabi ni Pedro; *“Magsisi kayo, at magbautismo ang bawa't isa sa inyo sa pangalan ni Jesucristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan; at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo.” (Mga Gawa 2:38)*

Subalit ang pagsisi, bautismo at ang pagtanggap ng Espiritu Santo ay di agad-agad maglalagay sa atin sa kaharian ng Dios! Dahil tayo ay nasa laman pa rin. Malinaw ang sinabi ni Pablo sa mga taga Corinto: *Ang laman at dugo ay di magmamana ng KAHARIAN NG DIOS! (1 Corinto 15:50)*

Sinabi ni Pablo *“Ang Espiritu rin ang nagpapatotoo kasama ng ating espiritu, na tayo'y mga anak ng Dios: At kung mga anak, ay mga tagapagmana nga; mga tagapagmana sa Dios, at mga kasamang tagapagmana ni Cristo; kung gayon nga maging mapagtiis tayo sa kaniya, upang tayo'y lumuwalhati namang kasama niya.” (Roma 8:16-17)*

Oo, magmamana pa lamang---di pa nagmamana! Patuloy na ipinaliwanag ni Pablo sa aklat ng Taga Roma ang ating kalagayan ngayon habang hinihintay ang pagkukop ng Dios.

Sapagka't nalalaman natin na ang buong nilalang ay tumatangis at nagdaramdam na may kahirapan na kasama natin hanggang ngayon. At hindi lamang gayon, kundi pati naman tayo na mayroong mga pangunahing bunga ng Espiritu, sa makatuwid bagay tayo nama'y nagsisitangis din sa ating sarili, sa paghihintay ng pagkukupkop, ang pagtubos sa ating katawan. (Roma 8:22)

At dito inihayag ni Pablo ang isang hiwaga.

Narito, sinasabi ko sa inyo ang isang hiwaga: hindi tayong lahat ay matutulog, nguni't tayong lahat ay babaguhin, Sa isang sandali, sa isang kisap-mata, sa huling pagtunog ng pakakak: sapagka't tutunog ang pakakak, at ang mga patay ay mangabubuhay na maguli na walang kasiraan, at tayo'y babaguhin. (1 Corinto 15:51-52)

Sa lahat ng ito, malinaw na sinasabi ng kasulatan na bago tayo makapapasok sa kaharian ng Dios, kailangan tayong mabago muna mula sa pagiging tao patungo sa pagiging espiritu; mortal patungo sa imortalidad; mula sa nabubulok na laman patungo sa walang hanggang buhay na espiritu!

Si Jesus ay ang *‘pangunahing bunga ng mga nangatutulog’* (1 Corinto 15:20). Siya rin ang tinatawag na *‘panganay sa maraming magkakapatid’* (Roma 8:29). Pansinin ang pagkakasunod-sunod na mangyayari ayon sa kasulatan.

Datapuwa't si Cristo nga'y muling binuhay sa mga patay at siya ay naging pangunahing bunga ng nangatutulog. Sa pamamagitan ng tao'y dumating ang kamatayan, sa pamamagitan din naman ng tao'y dumating ang pagkabuhay na maguli sa mga patay. Sapagka't kung paanong kay Adam ang lahat ay na mamatay, gayon din naman kay Cristo ang lahat ay bubuhayin. Datapuwa't ang bawa't isa'y sa kaniyang sariling katayuan; si Cristo ang pangunahing bunga; pagkatapos ay ang mga kay Cristo, sa kaniyang PAGPARITO. (1 Corinto 15:20-23)

Ano ang Kaharian?

Karaniwang naririnig natin sa mga eskwelahan at nag-aaral ng agham tulad ng 'Biology', naririnig natin ang mga katagang 'kaharian ng tao, hayop at maging ng halaman at iba't iba pang kaharian na tumutukoy sa iba't ibang uri o klase na may buhay.

At ang paglikha ng lahat ng may buhay ay nagsimula rin sa isang aklat, ang Genesis.

'*Nang pasimula ay nilikha ng Dios ang langit at ang lupa.*' Ang salitang Dios ay *Elohim*, isang salita na may bilang na higit sa isa o plural, (singular *Eloah*). Ang isa pang katunayan ay di lamang sa kahulugan nito sa *Hebrew*, kundi sa kabuuang konteksto na sinabi sa Genesis.

"*At sinabi ng Dios, Lalangin natin ang tao sa ating larawan, ayon sa ating wangis: at magkaroon sila ng kapangyarihan sa mga isda sa dagat, at sa mga ibon sa himpapawid, at sa mga hayop, at sa buong lupa, at sa bawa't umuusad, na nagsisiusad sa ibabaw ng lupa.*" (**Genesis 1:26**). Ang salitang **natin** ay nagpapatunay na higit pa sa isa ang lumalang ng lahat.

Isa pang importanteng talata sa bagong tipan na ang Dios ay may kasama sa paglalang ng lahat. "*Nang pasimula siya ang Salita, at ang Salita ay sumasa Dios, at ang Salita ay Dios. Ito rin nang pasimula'y kasama ng Dios. Ang lahat ng mga bagay ay ginawa sa pamamagitan niya; at alin man sa lahat ng ginawa ay hindi ginawa kung wala siya. Nasa kaniya ang buhay; at ang buhay ay siyang ilaw ng mga tao. At ang ilaw ay nagliliwanag sa kadiliman; at ito'y hindi naunawaan ng kadiliman.*

*Naparito ang isang tao, na sugong mula sa Dios, na ang kaniyang pangalan ay Juan. Ito'y naparitong saksi, upang kaniyang patotohanan ang ilaw, upang sa pamamagitan niya'y magsisampalataya ang lahat. Hindi siya ang ilaw, kundi pumarito upang kaniyang patotohanan ang ilaw. Nagkaroon ng tunay na ilaw, sa makatuwid baga'y ang ilaw na lumiliwanag sa bawa't tao, na pumaparito sa sanglibutan. Siya'y nasa sanglibutan, at ang sanglibuta'y ginawa sa pamamagitan niya, at hindi siya nakilala ng sanglibutan. Siya'y naparito sa sariling kaniya, at siya'y hindi tinanggap ng mga sariling kaniya. Datapuwa't ang lahat ng sa kaniya'y nagsitanggap, ay pinagkalooban niya sila ng karapatang maging mga anak ng Dios, sa makatuwid baga'y ang mga nagsisampalataya sa kaniyang pangalan: (**Juan 1: 1-12**)*

Para kanino ang mga pangungusap na nabanggit? May pagdududa pa ba sa ating pagkaunawa? Hindi maitatangi na ito ay walang iba kundi si Jesucristo, ang 'Anak ng Dios, na "dati'y nasa mundo at muling babalik" at nagbigay sa kanila ng kapangyarihan na maging anak ng Dios, silang nananalig sa kanyang Pangalan.'

Ano ang sinasabi nito sa atin? Ito ay nagsasabi na **si Jesucristo ng Bagong Tipan ay Siya ring Dios ng Lumang Tipan!**

*At nagkatawang-tao ang Salita, at tumahan sa gitna natin na puspos ng biyaya at katotohanan. **Juan 1:14.** Ikumpara ito sa aklat ng Hebreo;*

*Ang Dios, na nagsalita nang unang panahon sa ating mga magulang sa iba't ibang panahon at sa iba't ibang paraan sa pamamagitan ng mga propeta, ay nagsalita sa atin sa mga huling araw na ito sa pamamagitan, ng kaniyang Anak, na siyang itinalaga na tagapagmana ng lahat ng mga bagay, na sa pamamagitan naman niya'y ginawa ang sanglibutan; Palibhasa'y siyang sinag ng kaniyang kaluwalhatian, at tunay na larawan ng kaniyang pagka-Dios, at umaalalay ng lahat ng mga bagay sa pamamagitan ng salita ng kaniyang kapangyarihan, nang kaniyang magawa na ang paglilinis ng mga kasalanan, ay lumuklok sa kanan ng Karangalan sa kaitaasan; (**Hebreo 1:1-3**).*

Ang salitang 'tunay na larawan' ay 'karakter' ang katumbas sa salitang *greek*. Ito rin ay nangangahulugan ng isang 'paguukit', eksaktong kopya o representasyon! Sa 'Moffat bible' ay sinasabi itong 'iniukit sa karakter ng Dios'.

Sa maniwala tayo't sa hindi, Si Jesucristo ay ikalawang miyembro sa Pamilya ng Dios, na naging tao o nagkatawang tao, ipinanganak ng birheng Maria, isa sa pangulong Dios na lumikha ng lahat!

Tama! Si Jesus ng Bagong Tipan, sa buhay Niya sa piling ng Ama mula pa ng walang hanggan, ay bahagi ng banal na pamilya ng Dios, ang *Elohim* bilang tagapagsalita (Siya ang Salita at Siya ay Dios) na nagsabi na '*Magkaroon ng liwanag*' sa Genesis 1:3.

Sa maraming henerasyon, milyong katao ang napaniwala sa maling katuruan na ang Dios ng Lumang Tipan ay isang malupit, magagalitin at mapaghimagsik na Dios; na ipinapataw ng walang awa ang kanyang kagantihan sa mga taong dumaranas ng kanyang kalupitan.

Naniniwala sila na si Jesus ay dumating, upang pumalit sa otoridad ng Dios Ama, upang itapon at ibagsak ang malupit, mapanghusgang batas sa lumang tipan at palitan ito ng mas sariwa, mas bago at mas malumanay at mas madaling mga batas sa bagong tipan.

Ito ay hindi totoo!

Si Cristo ang nagsabi mismo na *“Huwag ninyong isiping ako’y naparito upang sirain ang kautusan o ang mga propeta: ako’y naparito hindi upang sirain, kundi upang ganapin. Sapagka’t katotohanang sinasabi ko sa inyo, Hanggang sa mangawala ang langit at ang lupa, ang isang tuldok o isang kudlit, sa anomang paraan ay hindi mawawala sa kautusan, hanggang sa maganap ang lahat ng mga bagay.”* (Mateo 5:17-18)

Pansinin na ang Makapangyarihan Dios ay lumikha ng dalawa ng lahat ng mga bagay. Marami sa lahat ng nilikha ng Dios ay dalawahang maging sa Kanyang mga plano.

Gumawa Siya ng may 2 kasarian, babae at lalake bagamat nagkakaiba lamang sa kanilang *‘reproductive organs’* o *organ sa pagpaparami*; subalit magkatulad sa maraming bagay! Lahat ay may 2 mata, 2 tainga, 2 paa, 2 kamay at iba pa. Maging ang pagkakatagawa sa mundo ay gayun rin.

Sa propesiya sa bibliya ay may una at ikalawang kaganapan ng mga hula. May lumang tipan at bagong tipan. Si Pablo ay nagpatunay din tungkol sa *‘Unang Adan at ikalawang Adan’*, upang Ipakita ang kaibahan ng nilikha ng Dios ng kanyang mga kamay, at ni Jesus na ipinanganak ng Dios sa muling pagkabuhay sa mga patay.

Ang makapangyarihang Dios, na *Elohim*, ay binubuo ng banal at ang espiritung pamilya, Ang Dios Ama at Dios Anak!

Ang pamilyang binubuo ng mga tao ay maliit lamang na modelo ng Kaharian ng Dios! Ang Dios na Makapangyarihan ang nagtalaga at lumikha ng Pag-aasawa ng babae at lalake, ang may akda ng pamilya!

Na Siya ring nag udyok sa tao na magparami, ang payak na kapangyarihan ipinagkaloob sa atin ng Dios para kalatan ang lupa ng mga nilalang ng tao, upang gumawa tayo ng ayon sa ating uri.

Ang pamilya ng tao ay isa ring maliit na modelo ng Iglesia ng Dios at kinasihan ng Dios bilang isang laman na binubuo ng mga tao upang sa pamagitan nito ay malaman natin ang importanteng dahilan na maging bahagi ng kaharian—ang espiritwal na pamilya!

Mga babae, pasakop kayo sa inyo-inyong sariling asawa, na gaya ng sa Panginoon. Sapagka’t ang lalake ay pangulo ng kaniyang asawa, gaya naman ni Cristo na pangulo ng iglesia, na siya rin ang tagapagligtas ng katawan. Datapuwa’t kung paanong ang iglesia ay nasasakop ni Cristo, ay gayon din naman ang mga babae ay pasakop sa kani-kaniyang asawa sa lahat ng mga bagay.

Mga lalake, ibigin ninyo ang inyo-inyong asawa, gaya naman ni Cristo na umiibig sa iglesia, at ibinigay ang kaniyang sarili dahil sa kaniya; Upang kaniyang pakabalin ito, na nilinis sa pamamagitan ng paghuhugas ng tubig na may salita, Upang ang iglesia ay maiharap sa kaniyang sarili na maluwalhati, na walang dungis o kulubot o anomang gayong bagay; kundi ito’y nararapat maging banal at walang kapintasan.

Gayon din naman nararapat ibigin ng mga lalake ang kani-kaniyang sariling asawa, na gaya ng kanilang sariling mga katawan. Ang umiibig sa kaniyang sariling asawa ay umiibig sa kaniyang sarili: Sapagka’t walang sinoman na napoot kailan man sa kaniyang sariling katawan; kundi kinakandili at minamahal, gaya naman ni Cristo sa iglesia; Sapagka’t tayo ay mga sangkap ng kaniyang katawan.

Dahil dito’y iiwan ng lalake ang kaniyang ama at ina, at makikisama sa kaniyang asawa; at ang dalawa ay magiging isang laman. Ang hiwagang ito ay dakila: datapuwa’t sinasalita ko ang tungkol kay Cristo at tungkol sa iglesia. (Efeso 5:22-32)

Sa ganitong relasyon ng pamilya pinili ng Dios na ihayag sa atin ang Kanyang sarili bilang ating Ama at kung kanino ayon kay Jesus nararapat tayong manalangin,

“Ama namin na nasa langit ka, Sambahin nawa ang pangalan mo. Dumating nawa ang kaharian mo. Gawin nawa ang iyong kalooban, kung paano sa langit, gayon din naman sa lupa. Ibigay mo sa amin ngayon ang aming kakanin sa araw-araw. At ipatawad mo sa amin ang aming mga utang, gaya naman namin na nagpatawad sa mga may utang sa amin...” (Mateo 6: 9–15)

Si Jesus ay tinawag na ating nakatatandang kapatid o panganay, at ang mga tinawag ng Dios na bahagi ng Iglesia ng Dios ay kanyang mga kapatid na babae at lalake. Lahat tayo na tinawag ng Dios ay tinatawag din na mga 'Anak ng Dios'. Malinaw ang lahat ng ito ay katagang pampamilya lamang! Sa espirital na aspeto, ang iglesia ng Dios ay tinatawag upang magiging tunay na mga anak ng Dios sa isang pagkabuhayng muli bilang espiritu.

Hebreo 12:22-23, *“Datapuwa't nagsilapit kayo sa bundok ng Sion, at sa bayan ng Dios na buhay, ang Jerusalem sa kalangitan, at sa mga di mabilang na hukbo ng mga anghel, Sa pangkalahatang pulong at iglesia ng mga panganay na nangatatala sa langit, at sa Dios na Hukom ng lahat, at mga espiritu ng mga taong ganap na pinasakdal,”*

Sa paksang ito ay ating nalaman na ang Makapangyarihang Dios ay binubuo ng isang pamilya, ang Ama at ang Anak. Tayo ay ipanganganak ng Dios sa pamamagitan ng banal na Espiritu, at pag naglaon ay tunay na magiging anak ng Dios matapos nating magbago sa pagkabuhay na muli sa mga patay (**1 Corinto 15:23, 50-52**)

Kahit pa noong pasimulan ng Dios ang lahi ng tao—na ngayon ay papalapit na sa 8 Bilyong katao—na nagsimula lamang sa 2 orihinal na magulang—mahihiwatigan natin na ang Dios ay nagpaparami ayon sa kanyang uri—pinararami ang kauri ng Dios sa proseso ng pagsisisi, pagkapanganak, at pagliligtas.

Ang Kaharian ng Dios kung ganon, ay may banal na kapangyarihan, naghaharing pamilya ng Dios Ama at ng Anak na si Jesus kung saan *tayo'y maaaring maipanganak sa espiritu!*

Ang Kaharian ng Dios ay maghahari sa Lupa!

Maraming talata sa biblia ang nagpapatunay na si Jesucristo ng Nazareth ay magbabalik sa literal at pisikal na mundong ito!

At samantalang tinititigan nila ang langit habang siya'y lumalayo, narito may dalawang lalaking nakatayo sa tabi nila na may puting damit; Na nagsabi naman, Kayong mga lalaking taga Galilea, bakit kayo'y nakatayong tumitingin sa langit? itong si Jesus, na tinanggap sa langit mula sa inyo, ay paparitong gaya rin ng inyong nakitang pagparoon niya sa langit. (Mga Gawa 1:10-11)

Sapagka't gaya ng kidlat sa silanganan, at nakikita hanggang sa kanluran; gayon din naman ang pagparito ng Anak ng tao. Saan man naroon ang bangkay, ay doon magkakatipon ang mga uwak. Pagkatapos ng kapighatian sa mga araw na yaon ay magdidilim ang araw, at ang buwan ay hindi magbibigay ng kaniyang liwanag, at malalaglag ang mga bituin mula sa langit, at magsisipangatal ang mga kapangyarihan sa mga langit: At kung magkagayo'y lilitaw ang tanda ng Anak ng tao sa langit: at magsisitaghooy ang lahat ng mga angkan sa lupa, at makikita nila ang Anak ng tao na paparitong sumasa mga alapaap ng langit na may kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian. At susuguin ang kaniyang mga anghel na may matinding pakakak, at kanilang titipunin ang kaniyang mga hinirang mula sa apat na hangin ng sanglibutan, mula sa isang dulo ng langit hanggang sa kabila. (Mateo 24:27-31)

Bilang mga kristiyano, tayo ay binabalaan na *“Maging mapagbantay kayo pagkat hindi ninyo nalalaman ang araw at oras man kung kailan darating ang Anak ng tao.” (Mateo 25:13)*

Sa mga pangitain ni Apostol Juan sa Araw ng Panginoon at ang ikalawang pagbabalik ni Jesucristo, ito ang kanyang pahayag:

“At nakakita ako ng mga luklukan, at may mga nagsisiluklok sa mga ito, sila'y pinagkalooban ng paghatol: at nakita ko ang mga kaluluwa ng mga pinugutan ng ulo dahil sa patotoo ni Jesus, at dahil sa salita ng Dios, at ang mga hindi sumamba sa hayop, o sa kaniyang larawan man, at hindi tumanggap ng tanda sa kanilang noo at sa kanilang kamay; at sila'y nangabuhay, at nagsipagharing kasama ni Cristo sa loob ng isang libong taon.” (Pahayag 20:4)

Sa isa pang pangitain, nakita ni Apostol Juan ang trono ng Dios Ama sa langit at si Jesucristo na pababa sa lupa!

At nakita ko ang isang bagong langit at ang isang bagong lupa: sapagka't ang unang langit at ang unang lupa ay naparam; at ang dagat ay wala na. At nakita ko ang bayang banal, ang bagong Jerusalem, na nananaog mula sa langit buhat sa Dios, na nahahandang gaya ng isang babaing kasintahan na nagagayakang talaga sa kaniyang asawa. At narinig ko ang isang malakas na tinig na mula sa luklukan, na nagsasabi, Narito, ang tabernakulo ng Dios ay nasa mga tao, at siya'y mananahan sa kanila, at sila'y magiging mga bayan niya, at ang Dios din ay sasa kanila, at magiging Dios nila: (Pahayag 21:1-3)

At pagkakuha niya ng aklat, ang apat na nilalang na buhay at ang dalawangpu't apat na matatanda ay nangagpatirapa sa harapan ng Cordero, na ang bawa't isa'y may alpa, at mga mangkok na ginto na puno ng kamangyan, na siyang mga panalangin ng mga banal. At sila'y nagaawitan ng isang bagong awit, na nagsasabi, Ikaw ang karapatdapat na kumuha ng aklat, at magbukas ng mga tatak nito: sapagka't ikaw ay pinatay, at binili mo sa Dios ng iyong dugo ang mga tao sa bawa't angkan, at wika, at bayan, at bansa. At sila'y iyong ginawang kaharian at mga saserdote sa aming Dios; at sila'y nangaghahari sa ibabaw ng lupa. **(Pahayag 5:8-10)**

Si Jesus ay muling magbabalik sa mundong ito!

Narito ang araw ng Panginoon ay dumarating, na ang iyong samsam ay ipagbabaha-bahagi sa gitna mo. Sapagka't aking pipisanin ang lahat na bansa laban sa Jerusalem sa pagbabaka; at ang bayan ay masasakop, at ang mga bahay ay lolooban, at ang mga babae ay dadahasin; at ang kalahati ng bayan ay yayaon sa pagkabihag, at ang nalabi sa bayan ay hindi mahihiwalay sa bayan.

Kung magkagayo'y lalabas ang Panginoon, at makikipaglaban sa mga bansang yaon, gaya nang siya'y makipaglaban sa araw ng pagbabaka. At ang kaniyang mga paa ay magsisitayo sa araw na yaon sa bundok ng mga Olivo, na nasa tapat ng Jerusalem sa dakong silanganan; at ang bundok ng mga Olivo ay mahahati sa gitna niya, sa dakong silanganan at sa dakong kanluran, at magiging totoong malaking libis; at ang kalahati ng bundok ay malilipat sa dakong hilaga, at ang kalahati ay sa dakong katimugan. **(Zacarias 14:1-4)**

Nakasisiguro tayo na di natin mahihigitan ang pangako ginawa sa pamamagitan ni Juan sa aklat ng Pahayag, ng sinabi ni Jesus na “At ang magtagumpay, at tumupad ng aking mga gawa hanggang sa katapusan, ay bibigyan ko ng kapamahalaan sa mga bansa: At sila'y paghaharian niya sa pamamagitan ng isang panghampas na bakal, gaya ng pagkadurog ng mga sisidlang lupa ng magpapalyok; gaya naman ng tinanggap ko sa aking Ama:” **(Pahayag 2:26-27)**

Si Jesus ay hinulaang magmamana ng ‘trono ni Haring David’; At narito, maglililihi ka, at manganganak ka ng isang lalake, at tatawagin mo ang kaniyang pangalang JESUS. Siya'y magiging dakila, at tatawaging Anak ng Kataastaasan: at sa kaniya'y ibibigay ng Panginoong Dios ang luklukan ni David na kaniyang ama: At siya'y maghahari sa angkan ni Jacob magpakailan man; at hindi magkakawakas ang kaniyang kaharian. **(Lucas 1:31-33)**

Pinangakuan si David na hindi siya bibiguin ng kanyang susunod na lahi na uupo sa kanyang trono na itatatag sa lupa magpakailanman! Kung ang pag-uusapan ay ang pag-alis mula sa Palestino pagpunta sa Britanya at ang susunod na pagmamana ng parehong trono sa Kanyang muling pagbabalik, ganito ang sinabi ni Jesus;

Ezekiel 21:25, At ikaw, Oh masama na nasugatan ng ikamamatay, na prinsipse sa Israel, na ang kaarawan ay dumating, sa panahon ng parusang pinaka wakas;

Ganito ang sabi ng Panginoong Dios,

“Ilapag mo ang tiara (ang simbolo ng katungkulan ng hari), at alisin mo ang korona; ito'y hindi na mangyayari pa uli; itaas mo ang mababa (tulad ni Cristo na dumating bilang mahinahon, at mapagpakumbabang tagapagligtas) at ibaba mo ang mataas. Aking ititiwarik, nang ititiwarik, nang ititiwarik: ito rin nama'y hindi na mangyayari uli, **hanggang sa dumating yaong may matuwid na kaniya; at aking ibibigay sa kaniya.**” **(Ezekiel 21:26-27)**

Tandaan na ating nabasa na ang **kaharian ng Dios ay paparito sa Lupa!**

Ngayon ay punahin ang pangako ni Jesus “Ang magtagumpay, ay aking pagkakaloobang umupong kasama ko sa aking luklukan, gaya ko naman na nagtagumpay, at umupong kasama ng aking Ama sa kaniyang luklukan.” **(Pahayag 3:21)**

Ito ang ebanghelyo ng Dios—ang kaharian ng Dios na mananahan sa lupa at ang simumang magtagumpay ay maghaharing kasama ng Dios. Ang kaharian ng Dios ay isang makapangyarihan, paghahari ng pamilya ng Dios, ang pamilya kung saan dapat tayong maipanganak.

Ang laking kaibahan, at higit na makatuturan at mas malalim na kahulugan ang totoong ebanghelyo ng kaharian ng Dios na dala ni Jesus kaysa sa mga maling ebanghelyo ipinangangaral ng maraming mangangaral sa panahong ito! Milyon milyong tao ang nadaya at patuloy na nadaraya araw-araw ng mga bulaang mangangaral. Narinig nila ang mensahe tungkol sa **naibang Jesucristo**. Patunay sa mga nasusulat sa Pahayag ni Apostol Juan;

“At inihagis ang malaking dragon, ang matandang ahas, ang tinatawag na Diablo at Satanas, ang dumadaya sa buong sanglibutan; siya'y inihagis sa lupa, at ang kaniyang mga anghel ay inihagis na kasama niya.” **(Pahayag 12:9)**

Marami ang nagpapalagay na ang ebanghelyo ay ang istorya na laging isinasaysay tuwing pasko. May higit pa sa ebanghelyo di lamang ang kapanganakan ni Jesus, ang kanyang buhay o ang kanyang ministeryo at kamatayan. Ito ay ang malaking plano ng Dios kung saan tayo ay magiging bahagi ng Kanyang kaharian. Magiging tagapagmana tulad ni Jesucristo. Subalit hindi ito madaling isakatuparan. Tulad ng nabanggit, kailangan nating magsisi ng ating mga kasalanan at handang talikuran ang masamang pita ng laman, kilalanin si Jesus at ang pagkakapako sa kanya sa krus para sa kapatawaran ng ating kasalanan, pabautismo sa tubig at sa Espiritu sa pagpapatong ng kamay at pagpapasakop sa kanya at pagsunod sa buong kautusan.

Maaaring ito ay malaking pagbabago para sa atin subalit ang sinumang nag-iibig na Siya ay maging panginoon ay kailangang bagohin ang sarili at sumunod sa lahat na kautusan ng Dios.

Mateo 16:24, Nang *magkagayo'y sinabi ni Jesus sa kaniyang mga alagad, Kung ang sinomang tao'y ibig sumunod sa akin ay tumanggi sa kaniyang sarili, at pasanin ang kaniyang krus, at sumunod sa akin.*

Hindi natin kailangang gumawa ng sariling krus na papasanin tulad ng ginagawa ng iba. Kailangan natin talikuran ang mundo at ang masamang pita nito at sumunod ng buong puso sa Dios. Tularan ang kapatid nating si Jesus bilang ating modelo sa pagpapakabanal. Magagawa natin ito kung mamahalin natin ang Dios higit sa ating sarili at maging sa lahat ng bagay na ating tinatangkilik.

Sinabi nga ni Jesus na sinumang nag-nanais na makapasok sa Kaharian ng Dios;

Mateo 19:17, *At sinabi niya sa kaniya, Bakit mo itinatanong sa akin ang tungkol sa mabuti? May isa, na siyang mabuti: datapuwa't kung ibig mong pumasok sa buhay, sundin mo ang mga utos.*

Juan 14:15, *Kung ako'y inyong iniibig, ay tutuparin ninyo ang aking mga utos.*

Nasa ating mga kamay ang mga susunod na mangyayari sa ating buhay. Maaari mong limutin ang lahat ng ating nalaman matapos basahin ang munting aklat na ito at magpatuloy sa buhay na walang pag-asang makapasok sa kahariang ipinangangako ng Dios.

O, Maaari rin namang pagnilay-nilayan mo ang iyong nabasa at patuloy na magsaliksik upang maging bahagi ng kaharian ng Dios. Basahin ang susunod na pahina sa mga nagnanais magpatuloy sa pagsasaliksik. Tutulungan namin kayong makita ang mga bagay na di nyo pa nakikita at kaagapay nyo kami sa paglalakbay patungo sa KAHARIAN NG DIOS!